



Ang Pamilya sa Loob ng mga Teleserye sa Telebisyon

Ma. Rita R. Aranda
Departamento ng Filipino
Pamantasang De La Salle-Maynila
aranda_rita@yahoo.com

Ang telebisyon ay isang mahalagang uri ng libangan na may malaking impluwensya sa lahat ng tao. Ito ay may mahalagang gampanin sa paghubog ng kamalayan ng tao at kung paano niya tinitingnan at hinuhugis ang mundo. Ang mahabang oras na inilalaan sa panonood ay nagdudulot ng positibo at negatibong epekto sa pag-iisip at pag-uugali ng manonood. Maraming programa ang maaaring panoorin ngunit ang pinakapopular na programang madalas panoorin ay ang mga teleserye..

Maraming Pilipino ang nanonood ng mga teleserye lalo na sa hapon at gabi at kadalasan mga babae, kabataan, nanay at nagtatrabaho sa loob ng bahay ang tumatangkilik dito. Ang panonood ng soap opera ay nakaiimpluwensya nang malaki sa pagbabago ng pananaw at pag-uugali ng mga manonood tungkol sa kasalukuyang konsepto ng pamilya. Sa maraming pagkakataon ay naiimpluwensyahan nito ang paraan ng pagdadala ng pamilya, pagdidisiplina sa mga anak at pagdedesiyon sa loob ng tahanan.

Ang pananaliksik ay tumalakay sa kasalukuyang imahe at konsepto ng pamilyang Pilipinong ipinakikita ng mga teleserye at ang impluwensya nito sa pagbabago ng pananaw at pag-uugali ng mga manonood tungo sa Pilipinong pagpapamilya. Layunin nitong (1) ilarawan at tukuyin ang kasalukuyang konsepto ng pamilyang Pilipinong ipinakikita ng mga teleserye, (2) alamin ang mga epekto nito sa pag-uugali at pananaw na nakukuha sa araw-araw na panonood, at (3) kung paano nababago ng teleserye ang pagtingin at paglutas sa mga problemang pampamilya.

Sa isinagawang panonood ng mga teleserye ng ABS CBN at ng GMA 7 at pag-interbyu sa mga manonood nito, napatunayang naimpluwensyahan ng teleserye ang pananaw at pag-uugali ng mga manonood lalo na sa paglutas sa mga suliraning pampamilya. Ang mga napapanood sa teleserye ay ginagawang batayan at gabay sa paggawa ng desisyon sa loob ng pamilya. Higit sa lahat, ito ay nagbibigay ng impormasyon at patern kung paano nilulutas ang mga problemang pampamilya at natutulungan ang mga manonood na magkaroon ng positibong pagtingin sa pamilya sa kabila ng mga problemang nararanasan ng bawat miyembro nito.

Mga Susing Salita: pamilya;
pananaw;
pamilyang Pilipino

soap opera;
Impluwensya;

PANIMULA

Ang teleserye ang pinakapopular na uri ng genre ng Filipino drama at sa kasalukuyan ito ay isang penomenang naghahari sa kulturang Pilipinong hindi maihihiwalay sa araw-araw na buhay ng maraming Pilipino. Ang panonood nito ay hindi lamang pagmamasid at pagbibigay-puna sa mga artistang nagsisiganap kundi pakikiisa sa buhay ng mga tauhan sa bawat seryeng

napapanood, ito ay hindi lamang pakikipag-ugnayan sa mga tauhan kundi sa buhay ng maraming Pilipinong inilalantad ng mga teleserye.

Ang teleserye ay malapit sa puso ng maraming Pilipino sapagkat ito ay kuwento ng kanilang buhay, kuwentong nagpapakita ng katotohanan sa mundong kanilang ginagalawan. Ito ay tinatangkilik ng marami sa dahilang ito ay



kadalasang tumatalakay sa mga isyung pampamilya, pag-ibig, pampulitika, panlipunan at sinasaklaw ang lahat ng tao anuman ang kalagayan at antas nito sa buhay. Hindi nakapagtataakang pinanonood ito ng marami mula bata hanggang matanda, babae man o lalaki.

Ang teleserye ay dalawang salitang pinagsama, tele mula sa pinaikling telebisyon at serye mula sa salitang Ingles na series. Ang bawat serye ay kinapapalooban ng isang story line o kuwento na nakasunod sa nakaraang serye kaya kinakailangang sundan ang bawat serye upang makita ang unti-unting paglalantad ng kabuuan nito.

Ang bawat teleserye ay punumpuno ng drama ng buhay na ang pokus ay ang tunggalian ng iba't ibang salik: pamilya, pag-ibig, personal na relasyon, sex at moralidad. Ang mga salik na nabanggit ang nagpapatingkad ng mga kuwento ng buhay ng pamilyang Pilipino. Ang pagkahilig ng marami sa panonood ng teleserye ay bunga na rin ng payak na paglalarawan ng pang-araw-araw na pamumuhay at karanasan ng mga tao.

Epekto ng panonood ng teleserye

Ang telebisyon ay isa sa mga maimpluwensyang uri ng libangan at mabisang tagapagpalaganap ng mga ideya. Tinatayang may 8.82 milyong kabahayan sa urban area ang nanonood ng telebisyon samantalang 6.31 milyong kabahayan naman sa rural. Ayon sa sarbey na isinagawa ng Kantar Media noong 2012, ang Pilipinas ang may pinakamahabang oras na inilalaan sa panonood ng telebisyon kumpara sa Hongkong at Singapore na may average na dalawa hanggang tatlong oras lamang mula Lunes hanggang Biyernes. Ayon sa sarbey, apat hanggang limang oras naman ang inilalaan ng mga Pilipino sa panonood ng telebisyon araw-araw at ang pinakapopular na programang madalas na pinanonood ay ang mga soap opera. Ang oras na kadalasang may pinakamaraming nanonood ay nasa pagitan ng ikaanim hanggang ika-siyam ng gabi sa Maynila at maging sa probinsya.

Ang teleserye ay bahagi ng popular na media na tinatawag ring education-entertainment na naglalahad ng mga impormasyon tungkol sa iba't ibang isyung pampamilya, pangkultura, pangkalusugan, pampulitika at marami pang iba.

Ang panonood ng mga ito ay hindi lamang isang libangang kinahihiligan ng maraming Pilipino kundi isa rin itong magandang paraan upang makapagturo at makapagbigay ng impormasyon sa mga manonood. Ang pagkakaroon ng nakaaakit na kuwento ay nakatutulong upang mahikayat ang mga manonood na magkaroon ng positibong pag-uugali at pag-iisip ang manonood.

Lumabas sa isang pag-aaral sa Brazil noong 2008 na bumaba ang bilang ng mga anak ng pamilyang Brazilian matapos ipakita sa mga teleserye ang kabutihang naidudulot ng pamilyang may kaunting anak. Sa loob ng dalawang henerasyon bumaba ang bilang ng mga anak mula sa pito hanggang sa dalawang anak na lamang. Ang pagbabang ito sa bilang ay iniugnay sa patuloy na panonood ng kababaihan ng mga teleserye kaya sinasabing ang panonood nito ay may malaking epekto sa pag-uugali at pag-iisip ng mga babae pagdating sa pamilya at pagdadala sa pamilya. Ang ulat na ito ay lumabas noong 2011 sa National Geographic.

Ipinalalagay rin ng pananaliksik nina Chong at Ferrara (2009) na ang pagtaas ng bilang ng diborsyo sa Brazil sa loob ng tatlong dekada ay epekto na rin ng pagdami ng telebisyon at ang tipo ng values at uri ng pamumuhay na ipinakikita sa telebisyon.

Napakalaki ng impluwensya ng teleserye sa bansang Brazil dahil maging sa pagbibigay ng pangalan sa mga bagong silang na sanggol ay ginagaya nila ang pangalan ng mga tauhan sa teleserye ayon sa pananaliksik ng Center for Economic Policy Research (CEPR).

Samantala, lumabas rin sa pag-aaral ni Khattri tungkol sa gampanin ng teleserye sa pagbabago ng pag-iisip ng mga babae sa India na malaki ang nagagawa ng panonood ng teleserye upang maging malay at lantad sila sa mga pagbabago sa paligid, bunga nito ay nagkaroon sila ng pagbabago ng perspektibo at pananaw.

Hindi lang kamalayan ang hatid ng panonood ng mga teleserye sapagkat ito rin ay nagpapakita at nagtuturo ng mga Filipino values na maaaring gamitin bilang mabisang pamamaraan ng pagtuturo. Napatunayan sa pananaliksik ni Prejoles na ang teleseryeng "Walang Hanggan" ay naglalaman ng mga magagandang pag-uugali at maaari itong gamitin sa pagtuturo.



Sa kabuuan, ang panonood ng teleserye ay nagdudulot ng pagbabago ng pananaw at pag-uugali ng mga manonood partikular na ng mga babae na kung saan sila ang pangunahing tagapanood ng mga teleserye.

METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong paraan ng pananaliksik upang alamin ang makabagong imahe at konsepto ng pamilyang Pilipinong ipinakita ng tatlong teleseryeng ipinalabas noong taong 2013 ng GMA 7 at ng tatlong teleseryeng kasalukuyang ipinalalabas sa ABS-CBN. Upang makita ang makabagong imahe at konseptong nakapaloob sa mga teleserye ay pinanood ang anim na teleserye.

Ang mga napiling teleserye ng GMA 7 ay ang (1) "Home Sweet Home" na pinagbidahan nina Raymart Santiago bilang Reden at Roxanne Guinoo bilang Dulce; (2) "Binoy Henyo" pinagbidahan nina Sheena Halili bilang Agnes Santos at David Remo bilang Binoy Santos; at (3) "My Husband's Lover" na pinagbibidahan nina Carla Abellana bilang Lally Agatep-Soriano, Tom Rodriguez bilang Vincent Soriano at Dennis Trillo bilang Eric Del Mundo. Ang mga teleserye naman ng ABS-CBN ay ang (1) "Honesto" na pinagbibidahan ni Raikko Mateo bilang Honesto Galang; (2) "Be Careful With My Heart" na pinagbibidahan nina Jodi Sta. Maria bilang Maya dela Rosa at Richard Yao bilang Sir Chief; at (3) "Got To Believe" na pinagbibidahan nina Kathryn Bernardo bilang Chichay Tampipi at Daniel Padilla bilang Joaquin Manansala;

Ginamit naman ang cultivation analysis upang malaman kung may epekto sa pag-uugali at pananaw ng mga manonood ang mga napapanood na teleserye at sa pagtalakay nito ay gumamit ng talatanungan sa upang makakuha ng mga datos. Ang orihinal na cultivation analysis na nakapokus lamang sa persepsyon ng mga manonood ang siyang ginamit ng mananaliksik sapagkat ito ang madalas gamitin sa mga cultivation research. Hindi na tiningnan ang epekto ng teleserye sa telebisyon bilang "first-order" at second-order effects."

Gumamit ng talatanungang binubuo ng sampung tanong at pinasagutan sa 55 respondents. Ang mga napiling respondent ay

kinakailangang nanonood ng teleserye sa ABS-CBN man o sa GMA 7. Sinakop ang edad mula sampung taong gulang hanggang animnapu pataas. Sinadyang pababain ang edad sapagkat batay sa ilang obserbasyon at pagtatanong ng mananaliksik sadyang may mga batang sumusubaybay sa mga teleserye lalo na kung ang gumaganap na bida ay mga bata.

RESULTA AT TALAKAYAN

Hindi nagkakalayo ang mga imahe at konseptong ipinakita ng anim na teleseryeng pinag-aralan bagamat magkakaiba ang pangunahing tema makikita pa ring magkakatulad ang paraan ng paglalarawan sa pamilya. Sa loob ng isang teleserye ay kakikitaan ng higit sa isang pamilya na ang bawat isa ay may imaheng ipinakikita at sa pag-usad ng kuwento ay maaari pa itong madagdagan depende sa bilang ng audience na tumatangkilik sa teleserye. Bagamat binabalanse ang positibo at negatibong imahe ng pamilya mapapansing may nangingibabaw pa ring imaheng tumatatak sa isipan ng manonood. Halimbawa, inilarawan sa anim na teleserye ang single parenting kaya makikitang mag-isang itinataguyod ng ina ang pamilya dahil sa iba't ibang kadahilanan tulad ng: (1) iniwan ng ama, (2) nagbago at nawala ang ama, (3) iniwan ng nanay dahil hindi naging mabuting ama sa loob ng tahanan at (4) hindi pinanagutan ang responsibilidad ng biglang pagdadalantao ng babae. Mapapansing laging may single parenthood sa isang teleserye at kadalasang ang mga anak ang nahihirapan at naapektuhan ng paghihiwalay ng mag-asawa bagamat lagi pa ring umaasa ang anak na mabubuon muli ang kanilang pamilya.

Ang ganitong larawan ay binalanse sa pamamagitan ng pagkakaroon ng masayang pamilya sa kabila ng kawalan ng ama. Sa ganitong sitwasyon ay ipinakitang bukas ang komunikasyon ng mga anak at magulang kaya naman lalong tumitibay kanilang samahan. Makikita ring ang pamilya ay nagmamahalan at nagdadamayan sa mga pagsubok sa kanilang buhay. Bunga ng paghihiwalay ng mga magulang, ang mga anak ang umako ng responsibilidad ng paghahanapbuhay upang mabuhay nang maayos at mabigyan ng magandang kinabukasan ang pamilya.



Ngunit hindi lahat ng karakter sa teleserye ay matatag dahil may mga karakter na kumapit sa patalim at naging masama alang-alang sa anak, may anak na nagrebelde, hindi nakinig sa pangaral ng magulang at naging matigas ang ulo. Ngunit may magulang ring naging pabigat sa pamilya at nagtutulak sa anak na gumawa ng masama.

Ang mga ginamit na teleserye sa GMA 7 ay tapos na kaya nakita na ang transpormasyon ng imahe ng pamilyang ipinakita sa teleserye tulad ng "Binoy Henyo", sa katapusan ng teleserye ay ipinakitang nabuo ang pamilya ni Binoy sapagkat nagkita na ang kanyang mga magulang at ipinakitang ang anak ang susi upang mabuo ang kanilang pamilya. Sa teleseryeng "Home Sweet Home", ipinakita sa katapusan ang pagpapatawad ng ama ni Reden sa kanya kaya ang pamilya niya ay muling tinanggap sa kanilang mansyon samantala, nanatiling matatag sa mga pagsubok ang asawa at mga anak ni Reden. Sa teleseryeng "My Husband's Lover" ang masayang pamilyang binuo nina Lally at Vincent ay hindi na muling nabuo at nagkaroon na sila ng sari-sariling buhay. Kahit nais pang buuin ng ama ang pamilya ay hindi na pumayag ang ina sapagkat nawala na ang kanyang pagmamahal sa asawa. Ang mga anak ang naging kasama at lakas ng ina sa kanyang pag-iisa.

Samantala, ang mga teleserye sa ABS-CBN ay patuloy pa ring napapanood kaya hindi pa makita ang magiging transpormasyon sa katapusan. Ang takbo ng teleserye ay depende sa ginugusto ng mga tagapanood. Sa kasalukuyan, makikita sa teleseryeng "Honesto" ang pakikipaglaban ng anak laban sa masasamang gawain ng ama, ang anak ang susupil sa kasamaan ng magulang. Samantalang si Honesto ay patuloy sa pagiging mabuting anak sa pamilyang nagpalaki sa kanya. Sa teleseryeng "Got to Believe" ay napanatili ang imahe ng pamilyang nagmamahalan at matatag sa mga pagsubok. Sa teleseryeng "Be Careful With My Heart" ang anak na dating nagrebelde dahil sa labis na kahigpitan ng ama, ngayon ay natuto nang sumunod at makinig sa tulong ng dating yaya ng kanyang kapatid na ngayon ay pangalawang ina na niya. Naging masaya ang kanilang pamilya at lalong magiging masaya sa agdating ng kanilang bagong kapatid.


Sa pamamagitan ng content analysis ay inalang ang direktong epekto sa mga manonood ang araw-araw nilang pagsubaybay sa mga teleserye at tinanong rin kung ano ang epekto nito sa kanilang pananaw, ugali at opinyon.

May limampu't limang (55) respondents ang kasama sa pag-aaral at pawang mga nanonood ng teleserye. Sa mga sumagot, apatnapung porsyento (40%) nito ay may-asawa at animnapung porsyento (60%) naman ay wala pang asawa, pitumpu't limang porsyento (75%) sa kanila ay mga kababaihan. Sa mga respondent, limampu't walong porsyento (58%) ang walang trabaho, apatnapu't dalawang porsyento (42%) naman ang may trabaho at tatumpu't isang porsyento (31%) ay pawang estudyante. Kung titingnan ang mga datos, karamihan ng manonood ay may-asawa at mga kababaihan. Bagamat makikitang kalat ang distribusyon ng kanilang mga edad. Mayroong apatnapu't dalawang porsyento (42%) ang sumagot na may edad 10 hanggang 20 samantalang may limampu't walong porsyento (58%) ang may edad 21 hanggang 60 pataas. Masasabing higit na maraming babae ang nanonood ng teleserye ano man ang kanyang edad, estudyante man o may-asawa, nagtatrabaho man o hindi.

Sa limampu't limang (55) sumagot, walumpu't limang porsyento (85%) ang matagal nang nanonood ng mga teleserye, pitumpu't isang porsyento (71%) ang nanonood araw-araw at walumpu't apat na porsyento (84%) ay sa gabi nanonood. Bagamat limampu't anim na porsyento (56%) ang sumagot na ang nais lamang ay maglibang habang nanonood makikitang naniniwala ang pitumpu't tatlong porsyento (73%) sa mga nangyayari minsan sa teleserye.


Sa tanong na, kung sumasang-ayon ka ba sa paglalarawan ng teleserye sa pamilyang Pilipino, limampu't anim na porsyento (56%) ang nagsabing "oo", limang porsyento (5%) ang nagsabing "hindi" at tatumpu't siyam na porsyento (39%) ang nagsabing minsan.

Pag-ayon sa Paglalarawan sa Pamilyang Pilipino



Inamin ng apatnapu't apat na porsyentong (44%) manonood na minsan ay nababago ng teleserye ang kanilang pagtingin tungkol sa pamilya. Inamin rin ng limampu't limang porsyento (55%) ng manonood na minsan ay naapektuhan ng napapanood sa teleserye ang kanilang pag-iisip at pag-uugali at nang tinanong kung paano sila naapektuhan ay sinabi ng dalawampu't siyam na porsyento (29%) na ginagawa itong batayan sa mga desisyong ginagawa sa pamilya; dalawampu't limang porsyento (25%) ang nagsabing ang teleserye ay ginagawang halimbawa sa loob ng pamilya; labingwalong porsyento (18%) ang nagsabing ginagaya nila ang ginagawa at iniisip ng mga tauhan; apat na porsyento (4%) ang itinutulad ang sarili sa tauhan; at ang dalawampu't apat na porsyento (24%) ang nagbigay ng iba pang sagot.

Epekto ng Teleserye



KONKLUSYON

Ang madalas na panonood ng teleserye ay nagdudulot ng malaking epekto sa mga manonood. Nababago at nahuhubog nito ang pag-iisip at pag-uugali ng tao sa mga bagong kaisipang inihahain ng mga napapanood sa telebisyon ano man ang maging edad nito. Maaaring makuha at magaya ng manonood ang ugali at pananaw ng mga tauhan nang hindi sinasadya, dahil dito, maaari siyang kontrolin at diktahan ng mga tauhan ng teleserye.

Ang imahe at konsepto ng pamilyang Pilipinong ipinakikita sa mga teleserye ay masasabing lumihis na sa tradisyunal na larawan ng isang pamilya na kung saan laging may nanay at tatay na nagmamahalan. Ngayon ay tanggap na ng lipunan ang single parenting at hindi na malaking isyu kung may tatay man o wala sa loob ng isang pamilya. Sa kasalukuyan, higit na mahalaga ang pamilyang nagmamahalan at nagkakasundo at hindi ang komposisyong bumubuo dito. Ang kakulangng ng isang mahalagang tao sa loob ng tahanan ay napupunuan ng pagmamahalang hatid ng bawat miyembro nito.

Mga Sanggunian:

Ahmed, A. & Khalid, M.Z. (2012, June)



Presented at the DLSU Research Congress 2014
De La Salle University, Manila, Philippines
March 6-8, 2014

Construction of contemporary women in soap opera. Commentaries Global Media Journal – Indian Edition. J&K India.

Agcaoli, Lawrence. (2012, July 9). Pinoys among longest TV viewers in Asia, says survey. The Philippine Star. Retrieved from <http://www.philstar.com/business-usual/2012/07/09/825834/pinoys-among-longest-tv-viewers-asia-says-survey>

Azalanshah, Md., Syed, Md. & Hamzah, A. (2011). Malay women in discerning viewers: Negotiating images of transnational modernity in Asian soap operas. 2011 International Conference on Social. science and Humanity

Basten, Stuart. (2009, June). The Future of Human Reproduction: Working Paper #7 Mass media and reproductive behaviour: serial narratives, soap operas and telenovelas. Retrieved from http://www.spi.ox.ac.uk/fileadmin/documents/pdf/Soaps_-_Number_7.pdf

Brazilian soap operas shown impact to social behaviors 2009. Jan. 29. Inter-American Development Bank. <http://www.iadb.org/en/news/webstories/2009-01-29/brazilian-soap-operas-shown-to-impact-social-behaviors,5104.html>

Caldwell, Emily. Soap opera may be script for change in China. Retrieved from <http://utminers.utep.edu/asinghal/NewspapersArticles/Newspaper2.pdf>

Chong, A. & La Ferrara, E. (2009, Jan.). Television and divorce: Evidence from Brazilian Novelas. Inter-American Development Bank.

Dyer, R., Lovell, T. & McCrindle, J. Soap opera and women. <http://people.ucalgary.ca/rseiler/dyer.htm>

Griffiths, M. Why are soap operas so popular? aber.ac.uk/media/students/lmg9301.html

Hudson, J. (2012, June 28). How Brazilian operas can save the world. <http://www.theatlantic.com/international.archive/2012/how-brazilian-soap-operas-can-save-the-world/259139>.

Khatti, N. Role of soap operas in changing the social perspective of metro women in developing countries with special reference to India. Human

Communication. A Publication of the Pacific and Asian Communication Association, Vol. 14, No.3.

KAS Democracy Report 2008 http://www.kas.de/upload/Publikationen/2008/dr_philippines.pdf

Prejoles, Corazon. Promoting Filipino Culture Through Television. Philippines.

Philippines. (2013, December 6) Retrieved from <http://www.casbaa.com/advertising/countries/philippines>
http://en.wikipedia.org/wiki/Kapisanan_nga_Broadcaster_ng_Pilipinas

Rogers, EM., Rao, N., Sood, S., Swalehe, RM., Svenkerud, P. & Vaughan, PW. Effects of an entertainment-education radio soap opera on family planning behaviour in Tanzania. <http://www.ncbi.nlm.nih.gov/pubmed/10546311>

<http://www.ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/articles-on-cna/article.php?igm=3&i=223>

<http://infoasaid.org/guide/philippines/television-overview>

<http://albcorph.wordpress.com/2013/01/09/in-tv-survey-system-in-the-philippines-we-trust-household-meter-or-people-meter/>

<http://www.casbaa.com/advertising/countries/philippines>



Presented at the DLSU Research Congress 2014
De La Salle University, Manila, Philippines
March 6-8, 2014

<http://www.tucp.org.ph/news/index.php/2012/07/pinoys-among-longest-tv-viewers-in-asia-says-survey/> Friday, December 06, 2013